Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon

CORE SUBJECT



Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng ***Strengthened Senior High School Curriculum***. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Lendie F. Gallego, Mark Anthony M. Artis, Mariane N. Villar, Gesselle S. Cambia, Rhia C. Arapan, Sigrid F. Tibordo, Arcris Jay L. Magpantay, Alfred Mendoza, Lorenz C. Almendras, Aldimaer B. Uy, Anna Lou G. Edillon, at Willy P. Espartero

Tagasuri ng Nilalaman: Renato R. Santillan, Rowena T. Ulalan, Mary Jean P. Paller, Hilda Caasi-Dawayen, Winston N. Ros, Luvy John Abanto Flores, Maria Felomina M. Saludes, Liezl R. Borlasa, Clemence G. Andrade, Jesyl F. Avancena, at Phelma O. Camacho

Konsultant: **Theresa Madrid Rañeses**
Bicol University College of Education Integrated Laboratory School

Learning Area Specialist: **Jefferson V. Torres**
Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery – Teaching and Learning Division

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LAS. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Para sa Modelong Banghay-Aralin 1 1
Para sa Modelong Banghay-Aralin 2 12
Para sa Modelong Banghay-Aralin 3 22
Para sa Modelong Banghay-Aralin 4 31
Para sa Modelong Banghay-Aralin 5 39
Para sa Modelong Banghay-Aralin 6 43
Para sa Modelong Banghay-Aralin 7 52
Para sa Modelong Banghay-Aralin 8 59
Para sa Modelong Banghay-Aralin 9 69
Para sa Modelong Banghay-Aralin 10 81

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: ***Puso at Pananaw***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakatutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.

III. Kagamitang Kailangan: papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at unawain ang daloy ng usapan sa diyalogo. Sagutan ang mga tanong sa ibaba.

Anak: *Inay, puwede po ba tayong mag-usap?*
Ina: *Oo naman, anak. May problema ba?*
Anak: *Gusto ko lang pong humingi ng tawad sa ginawa kong pagsagot-sagot sa inyo kagabi. Hindi ko po sinasadya, dala lang talaga ng pagod at inis ko sa school.*
Ina: *Nasaktan ako sa sinabi mo, anak. Pero salamat at naisip mong humingi ng tawad.*
Anak: *Naiintindihan ko na po ngayon na hindi iyon ang tamang paraan ng pagharap sa problema. Pasensya na po talaga, Inay. Hindi ko na po iyon uulitin.*
Ina: *Mahalaga sa akin na natututo kang humingi ng tawad at maging responsable sa iyong kilos. Pinapatawad kita, anak. Nandito lang ako palagi para sa'yo.*
Anak: *Salamat po, Inay. Mahal na mahal ko po kayo.*

Mga Tanong:

1. Sa palagay mo, bago humingi ng tawad ang anak, ano kaya ang mga saloobin o pagninilay na pinagdaanan niya?
   _____
   _____
   _____
2. Anong uri ng komunikasyon ang ginamit ng anak sa pakikipag-usap sa kanyang ina? Bakit mo ito nasabi?
   _____
   _____
   _____
3. Paano mo masasabi na ito ay isang personal na komunikasyon? Ano ang mga katangian nito?
   _____
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: ***Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapaliwanag ng mga sitwasyong nagpapakita ng epektibong pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal.

III. Kagamitang Kailangan: *bond paper*, panulat at pangkulay.

IV. Panuto: Gumawa ng isang *mind map* na may pamagat na: "Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay". Punan ito ng angkop na mga sagot batay sa sarili mong karanasan. Sa bawat bahagi ng *mind map*, magbigay ng mga halimbawa kung paano ginagamit ang wika sa iba't ibang aspekto ng buhay, tulad ng sa tahanan, paaralan, simbahan, at social media. Pagkatapos nito, ipaliwanag kung bakit mahalaga ang ginamit na wika sa sitwasyon.



Mga paliwanang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Suri-Eksena?**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapaliwanag ng mga sitwasyong nagpapakita ng epektibong pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal .

III. Kagamitang Kailangan: papel at panulat

IV. Panuto: Panoorin ang dalawang magkaibang *video* na ibibigay ng guro. Sagutan ang talahayanayan batay sa hinihingi. Iguhit ang masayang mukha (😊) kung ang wikang ginamit ay pormal at malungkot na mukha naman (☹) kung impormal. Sagutan ang mga kasunod na tanong.

Video A: Pagpapakilala sa *Job Interview*

Video B: Pagpapakilala sa bagong kaklase

Aspeto	Video A	Video B
Uri ng Tagpuan		
Tono ng Wika		
Magagalang na Pananalita		
Layunin ng Komunikasyon		

Mga Tanong

1.Ano ang pagkakaiba ng dalawang sitwasyon na iyong pinanood?

_____

_____

_____

2. Pareho ba ang wikang ginamit?

_____

_____

_____

3. Bakit kailangang iangkop ang wika sa sitwasyon?

_____

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **"Komunik-Aksyon!"**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nagagamit ang angkop na magagalang na pananalita at estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng usapan.

III. Kagamitang Kailangan: papel at panulat

IV. Panuto: Bumuo ng apat na pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng diyalogo batay sa iminungkahing sitwasyon. Ang diyalogo ay dapat na naglalaman ng magagalang na pananalita, may malinaw na layunin, gumagamit ng wastong estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy, at pagtatapos ng usapan, at may angkop na tono. Isulat ito sa malinis na papel o manila paper. Pagkatapos, sagutan ang mga kasunod na tanong.

Sitwasyon A**. Paghingi ng tulong**
Sitwasyon B**. Pagbibigay ng opinyon**
Sitwasyon C**. Pagtanggi nang magalang**
Sitwasyon D**. Pagpapaliwanag sa kamag-aral**

MgaTanong:

1. Ano ang layunin ng pag-uusap sa inyong sitwasyon?

_____
_____

2. Paano naipakita sa diyalogo ang wastong pakikipagkomunikasyon?

_____
_____

3. Paano sinimulan ng mga tauhan ang kanilang pag-uusap?

_____
_____

4. Sa inyong palagay, naging epektibo ba ang paraan ng pagpapasimula ng usapan? Bakit?

_____
_____

5. Paano nakatulong ang wastong tono ng pananalita sa pagiging malinaw ng mensahe?

_____
_____

6. Bakit mahalagang magkaroon ng maayos na pagtatapos ang isang pag-uusap?

_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **Usapang May Respeto**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nagagamit ang angkop na magagalang na pananalita at estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng usapan.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Sumulat ng isang *journal* kung saan ilalahad ninyo kung paano ang wastong paggamit ng mga magalang na pananalita sa pang-araw-araw na komunikasyon. Magnilay rin kung paano ninyo maisasabuhay ang mga konsepto ng wika at komunikasyon sa inyong pang-araw-araw na buhay.



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 6: **Tamang Salita, Tamang Pakikipagkapuwa**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal upang matukoy ang mga gawi o asal na nakatutulong sa epektibong pakikipag-ugnayan

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriin ang mga suliranin sa komunikasyon sa ipapakitang screenshot ng *simulated group chat.* Tukuyin ang sumusunod: mga maling paraan ng komunikasyon, mga di-magagalang na pahayag, ang epekto nito sa grupo. Pagkatapos ng pagsusuri, gumawa ng rebisyon ng pag-uusap gamit ang magalang na salita, tamang tono, at malinaw na layunin.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 7: **#KeyTakeaways Wall**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakatutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Sumulat ng mga pahayag upang dugtungan at mabuo ang pangungusap na ***Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #*** _____.

Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #_____ _____.	Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #_____ _____.
Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #_____ _____.	Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #_____ _____.
Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #_____ _____.	Natutuhan ko na ang wika ay mahalaga dahil #_____ _____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagpapakilala ng Sarili at Pagpapakilala ng Ibang tao sa Iba't ibang uri ng Tagpuan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. **Gawain Bilang 8: Kuwento Mo, Ipakikilala Ko**

II. **Layunin**: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng maayos na personal, interpersonal, sosyal, at kultural na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens, tulad ng pag-uulat ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, pagpapahayag ng opinion.

III. **Kagamitang Kailangan**: Papel at panulat

IV. **Panuto:** Magsagawa ng panayam sa isang tao sa paaralan o komunidad. Isulat ang pangalan ng iyong kinapanayam, ang kaniyang interes, pangarap, at isang bagay na natutuhan mula sa kaniya. Pagkatapos ay gumawa ng isang pormal na talata na nagpapakilala sa taong iyong kinapanayam.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak at guro gamit ang email		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Iba-iba ang Kausap, Iba-iba ang Mensahe**

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakagagamit ng angkop na salita at pahayag ayon sa konteksto ng komunikasyon;
b. Nakatutukoy ang pagkakaiba ng paraan ng pakikipagkomunikasyon batay sa kausap at layunin ng mensahe; at
c. Nakapapakita ng kamalayan sa wastong paggamit ng wika sa personal at interpersonal na komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: kuwaderno, *activity sheets* at panulat

IV. Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon sa ibaba. Isulat sa hanay ng *Iyong Mensahe* ang isang pangungusap na maaari mong ipadala sa pamamagitan ng *chat*, *text,* o *email*. Isaalang-alang ang iyong kausap at ang layunin ng mensahe.

A. Pagbuo ng Mensahe

Kausap	**Sitwasyon**	**Iyong Mensahe**
Magulang	Magpapaalam kang uuwi nang gabi dahil sa isang gawain sa paaralan.	
Kaibigan	Aanyayahan mo siyang makipagtulungan sa isang proyekto.	
Kamag-anak	Babatiin mo siya sa kaniyang kaarawan.	
Guro	Hihingi ka ng paglilinaw tungkol sa isang gawaing pampagkatuto.	

B. Pagproseso ng Natutuhan

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Tanong	**Sagot**
1. Ano ang napansin mo sa paraan ng iyong pagsulat para sa bawat kausap?	
2. Aling mensahe ang may pinakapormal na wika? Bakit?	
3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang kausap bago bumuo ng mensahe?	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa**	
Nilalaman:	Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak at guro gamit ang email		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Basahin ang Isip ng Nagpadala**

II. Layunin:

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang...

a. Nakatutukoy ng posibleng padadalhan ng *email* batay sa paksa o *subject line* nito;
b. Nakasusuri sa layunin ng *email* ayon sa nilalaman ng paksa; at
c. Nakapagpapaliwanag ng kaugnayan ng awdyens at layunin sa mabisang komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: sagutang papel, *activity sheet*, at panulat

IV. Panuto: Basahin ang bawat subject line ng email. Batay lamang sa impormasyong nakasaad, tukuyin ang posibleng padadalhan ng email at layunin ng nagpadala. Isulat ang iyong sagot sa talahanayan.

A. Suriin ang Subject Line

Subject Line ng Email	**Posibleng Padadalhan**	**Layunin ng Email**
Maaari po ba akong makahingi ng paglilinaw tungkol sa Gawain 3?		
Tara, pag-usapan natin ang proyekto sa Sabado!		
Kumusta na po kayo? Nais ko lamang pong mangumusta.		
Pa, Ma, nais ko pong ibahagi ang isang mahalagang balita.		

B. Pagproseso ng Natutuhan

Tanong	**Sagot**
1. Paano nakatutulong ang *subject line* upang maunawaan agad ang nilalaman ng email?	
2. Aling *subject line* ang nagpapakita ng pormal na komunikasyon? Bakit?	
3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang padadalhan ng email sa pagbuo ng paksa o *subject line*?	

C. Hamon sa Pag-iisip

Nais mong magpasalamat sa iyong guro matapos ang matagumpay na pagtatapos ng inyong pananaliksik.

Sumulat ng angkop na **subject line** para sa email.

Sitwasyon	**Iyong Subject Line**
Pagpapasalamat sa guro matapos ang pananaliksik	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa**	
Nilalaman:	Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak at guro gamit ang email		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: ***Email Match Up***

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakatutukoy ng pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang personal na liham batay sa nilalaman, layunin, wika, tono at estruktura;
b. Nakasusuri ng angkop na paggamit ng wika at tono ayon sa kausap at konteksto ng komunikasyon; at
c. Nakapagpapahayag ng sariling pagsusuri tungkol sa kahalagahan ng personal na liham bilang paraan ng komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Kopya ng dalawang liham, *activity sheets* at panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang halimbawa ng liham. Paghambingin ang mga ito batay sa nilalaman, layunin, wika, tono at estruktura. Isulat ang iyong sagot sa talahanayan sa ibaba.

LIHAM BLG. 1- Liham mula sa guro	**LIHAM BLG. 2 – Liham para sa kaibigan**
San Miguel, Nabua, Camarines Sur 28 Hunyo 2026 Mahal kong mga Mag-aaral, Malugod ko kayong tinatanggap sa panibagong taon ng ating paglalakbay sa *Senior High School.* Nawa'y maging masaya, makabuluhan, at puno ng pagkatuto ang ating pagsasama sa loob ng silid-aralan. Bilang inyong guro, hangad kong malinang hindi lamang ang inyong kaalaman kundi pati ang inyong mababuting pag-uugali, tiwala sa sarili, at matulungan kayong makamit ang inyong mga pangarap sa buhay. Magtulungan tayo at sabay-sabay nating harapin ang mga hamon ng taong ito. Nagmamahal, Ma'am Ayhan	Zone 1, San Roque, Polangui, Albay 17 Marso 2024 Kaibigan kong Adi, Grabe, ang dami na rin pala nating pinagdaanan kahit parang saglit lang lahat. Pero kahit gano'n, ang dami kong baong alaala na siguradong hindi ko malilimutan. Isa ka talaga sa mga taong naging pahinga at saya ko sa mga panahong kailangan ko ng kasama. Salamat sa lahat- sa tawanan, kulitan, mga *random* na usapan at sa mga simpleng pagkakataon na naging sobrang gaan dahil kasama kita. Masaya akong malamang masaya ka, kahit sa malayo na lang at hindi mo ako nakikita. Basta tandaan mo, nandito lang ako palagi bilang kaibigan mo. Mag-iingat ka palagi, Adi. Huwag kang mawawala ha. Ang iyong kaibigan, Mavi

Pagsusuri ng dalawang liham:

KATANGIAN NG LIHAM	**LIHAM MULA SA GURO**	**LIHAM PARA SA KAIBIGAN**
NILALAMAN		
LAYUNIN		
WIKA		
TONO		
ESTRUKTURA		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak at guro gamit ang email		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: ***Type. Feel. Send!***

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakasusulat ng personal na liham gamit ang *email* na may angkop na wika, tono, at estruktura;
b. Nailalapat ang wastong paraan ng komunikasyon ayon sa layon, awdyens, at konteksto; at
c. Nakapagpapahayag ng damdamin, saloobin, o mensahe sa malinaw at organisadong paraan gamit ang email.

III. Kagamitang Kailangan: *cellphone* o *laptop*, *internet connection*, *email account, at panulat*

IV. Panuto: Pumili ng isang paksa sa ibaba at sumulat ng personal na liham gamit ang email. Siguraduhing taglay nito ang wastong nilalaman, tono, wika, at estruktura ayon sa layon at kausap. Isusumite ang liham sa email ng guro gamit ang tamang filename format: SEKSIYON_APELYIDO_PANGALAN (Hal: RELATION_RULL_CARL)

Mga pagpipiliang paksa:

1. Pagbati sa kaibigang nakapasa sa *college scholarship.*
2. Paghingi ng paumanhin sa katabi dahil maingay ka sa klase.
3. Paghingi ng paumanhin dahil hindi nakadalo sa *group meeting.*
4. Pagbati sa kaibigang nanalo sa paligsahan o *campus journalism.*
5. Pag-anyaya sa kaibigan na dumalo sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
6. Pagtatanong sa guro tungkol saiyong mga kulang na *quizzes* o proyekto.
7. Paghingi ng payo sa kuya o ate tungkol sa kursong kukunin sa kolehiyo.
8. Pagpapasalamat sa guro sa paggabay niya sa inyong *research* o *immersion.*
9. Pagtanggi sa imbitasyon sa *outing* o *reunion* dahil sa mga gawain sa paaralan.
10. Paghingi ng pahintulot sa punongguro na magsagawa ng programa sa *Teachers' Day*.

Pamantayan	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 – Nangangailangan ng Pagsasanay	Puntos
Nilalaman	Malinaw, makabuluhan, at kumpleto ang mensahe; akmang-akma sa paksa	Malinaw ang mensahe ngunit may ilang detalye na kulang	Bahagyang malinaw ang mensahe at kulang sa detalye	Hindi malinaw at hindi tugma sa paksa ang mensahe	___/4
Organisasyon	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya; may wastong pagbati, katawan, at pangwakas	Maayos ang pagkakabuo ngunit may kaunting pagkukulang sa bahagi	Hindi gaanong organisado ang ideya	Magulo at walang wastong estruktura	___/4
Wika at Tono	Angkop ang wika at tono ayon sa layon at kausap	Kadalasang angkop ang wika at tono	May ilang hindi angkop na salita o tono	Hindi angkop ang wika at tono	___/4
Gramatika at Baybay	Walang mali sa gramatika, baybay, at bantas	May ilang maliit na kamalian	Maraming kamalian ngunit nauunawaan pa rin	Napakaraming kamalian na nakaaapekto sa pag-unawa	___/4
Kaangkupan sa Pormat ng Email	Kumpleto at wasto ang bahagi ng email (subject, pagbati, katawan, pangwakas)	May isang bahaging kulang	May dalawa o higit pang kulang na bahagi	Hindi nasunod ang pormat ng email	___/4

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak at guro gamit ang email		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: ***Dissect the Letter* / Himay-Liham**

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakasusuri ng nilalaman, layunin, tono, wika, at estruktura ng personal na liham;
b. Nakatutukoy ng angkop na paraan ng pagpapahayag ng damdamin ayon sa konteksto at kausap; at
c. Nakapagpapahayag ng sariling saloobin at mensahe gamit ang malikhain at makabuluhang paraan ng pagsulat. Kailangan: *Cellphone* o *laptop*, *internet connection*, *email account*, at panulat

III. Kagamitang Kailangan: *cellphone* o *laptop*, *internet connection*, *video clip*, *activity sheet*, at panulat

IV. Panuto: Basahin o panoorin ang video na *Liham ng Magulang sa Anak* na makikita sa link na ito https://youtu.be/BfoMMzZoZxA?si=VSV6ClqzJxbuDAjh.

Para naman sa kopya ng liham tingnan ang https://acesse.one/970c1ks

Pagkatapos mabasa o mapanood, suriin ang nilalaman ng liham batay sa mga elementong pinag-aralan tulad ng nilalaman, layunin, tono, wika, at estruktura. Sagutin ang Letter Dissection Chart at ang mga gabay na tanong sa ibaba.

LETTER DISSECTION CHART

BAHAGI NG PAGSUSURI	PAGSUSURI SA LIHAM	MGA SAGOT
NILALAMAN	Ano ang pangunahing mensahe ng liham? Anong damdamin o karanasan ang ipinahayag?	
LAYUNIN	Bakit isinulat ng magulang ang liham para sa anak?	
TONO	Ano ang tono ng liham?	
WIKA	Anong uri ng wika ang ginamit? Paano ito naging angkop sa kausap?	
ESTRUKTURA	Kumpleto ba ang bahagi ng liham? Paano nito naging malinaw ang mensahe?	

If I Were the Writer...

Pumili ng isang linya o bahagi ng liham na tumatak sa iyong isip o puso. Pagkatapos, dugtungan ito ng sarili mong mensahe bilang: (a.)anak para sa magulang o (b.) magulang para sa anak.

_____,

_____
_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak at guro gamit ang email		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 6: **Sumulat Ako, Ikaw ang Huhusga**

II. Layunin:

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang...

a. Nakasusulat ng personal na *email* na may malinaw na layunin;
b. Nakagagamit ng angkop na wika at tono ayon sa kausap; at
c. Nakapagpahayag ng saloobin at mensahe sa paraang malinaw, magalang at mabisa.

III. Kagamitang Kailangan: activity sheets, panulat, sagutang papel

IV. Panuto: Bilang isang mag-aaral, madalas kang nakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao sa pamamagitan ng digital na komunikasyon. Pumili ng isa (1) sa mga sitwasyon sa ibaba at sumulat ng isang personal na *email*.

Mga Sitwasyon

A. Nais mong magpasalamat sa iyong guro dahil sa kaniyang paggabay at suporta sa isang proyekto o pananaliksik.

B. Nais mong humingi ng paumanhin sa isang kaibigan dahil hindi ka nakadalo sa mahalagang pagpupulong ng inyong pangkat.

C. Nais mong ibahagi sa iyong magulang ang isang mahalagang tagumpay na iyong natamo sa paaralan.

D. Nais mong humingi ng payo sa iyong nakatatandang kapatid o kamag-anak tungkol sa kursong kukunin mo sa kolehiyo.

Mga Dapat Tandaan

Bago isumite ang iyong awtput, tiyaking taglay nito ang sumusunod:

☐ May malinaw at angkop na **Paksa (Subject Line)**
☐ May **Bating Panimula**
☐ May malinaw na **Katawan ng Email**
☐ May **Bating Pangwakas**
☐ May **Pangalan ng Nagpadala**
☐ Angkop ang wika at tono sa kausap
☐ Malinaw ang layunin ng mensahe

Aking Personal na Email

Paksa (Subject Line):

_____
_____

Bating Panimula:

_____
_____

Katawan ng Email:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Bating Pangwakas:

_____
_____

Pangalan ng Nagpadala:

_____
_____

Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**	**Puntos**
Nilalaman	Malinaw, makabuluhan, at ganap na tumutugon sa layunin	Malinaw ngunit may bahagyang kakulangan sa detalye	Hindi malinaw at kulang sa detalye	Hindi malinaw ang mensahe	____
Organisasyon	Kumpleto at maayos ang estruktura ng email	May isang bahaging kulang	May ilang kakulangan sa estruktura	Hindi nasunod ang wastong estruktura	____
Wika at Tono	Lubos na angkop sa kausap at sitwasyon	Kadalasang angkop	May ilang hindi angkop na paggamit	Hindi angkop sa kausap	____
Gramatika at Mekaniks	Halos walang kamalian	May ilang kamalian	Maraming kamalian ngunit nauunawaan pa rin	Maraming kamaliang nakaaapekto sa pag-unawa	____
Kaangkupan sa Layunin	Lubos na natugunan ang layunin ng email	Natugunan ang layunin ngunit may bahaging hindi malinaw	Bahagyang natugunan ang layunin	Hindi natugunan ang layunin	____

Kabuuang Puntos: _____ / 20

Pagninilay

Tapusin ang pahayag.

> Matapos ang gawaing ito, natutuhan ko na ang pagsulat ng personal na email ay hindi lamang tungkol sa pagpapadala ng mensahe kundi tungkol din sa _____
> _____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **TalaTono**

II. Layunin: Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na wika at tono upang mabisang maiparating ang layunin at damdamin sa isang dyornal *entry*.

III. Kagamitang Kailangan: Cellphone, papel at panulat

IV. Panuto: Basahin ang dalawang talata na nasa ibaba, isa na may positibong tono at isa na may negatibong tono. Gamit *ang online poll,* bumoto kung alin ang mas epektibong nagpapahayag ng layunin at damdamin. Pagkatapos, ipaliwanag ang dahilan ng iyong pagpili at suriin ang resulta ng botohan.

TALATA A	TALATA B
Sa pagtatapos ng taong panuruan, napagtanto ko kung gaano karami ang aking natutuhan at nalampasang hamon. Bagama't may mga pagkakataong nahirapan ako, nagsilbi itong inspirasyon upang mas pagbutihin ang aking pag-aaral. Dahil sa suporta ng aking pamilya, guro, at mga kaibigan, naging makabuluhan ang aking mga karanasan. Baon ko ngayon ang mga aral at kumpiyansang magagamit ko sa susunod na yugto ng aking buhay.	Sa pagtatapos ng taong panuruan, naiisip ko ang maraming pagkakataong hindi ko naabot ang aking mga inaasahan. Marami akong naging pagkakamali at hamong tila napakahirap lampasan. Kahit may mga taong sumuporta sa akin, madalas kong maramdaman na hindi sapat ang aking mga nagawa. Dahil dito, nag-aalala ako kung magiging handa ba ako sa mga susunod na pagsubok na haharapin ko.

Pamprosesong Tanong:

1. Aling repleksiyon ang higit na nakaantig sa iyong damdamin? Bakit?
2. Paano nakaimpluwensiya ang tono sa mensaheng nais iparating ng may-akda?
3. Ano ang mga salitang ginamit sa bawat talata na nagpapakita ng positibo o negatibong tono?
4. Sa iyong palagay, aling talata ang mas malinaw na naipahayag ang damdamin ng may-akda?Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Paano nakatulong ang paggamit ng angkop na wika at tono upang maging malinaw ang mensahe ng bawat. talata?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **VENNtastic DYORNAL**

II. Layunin: Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.

III. Kagamitang Kailangan: cellphone, papel, panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang tatlong uri ng dyornal na nasa ibaba. Gamit ang *online Venn Diagram maker* sa Canva, ihambing at itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng tatlong teksto batay sa wika, tono, at estruktura. Pagkatapos, ibahagi sa klase ang iyong natuklasan at bilangin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba na iyong natukoy.

A. Travel Journal

Naglakbay ako kasama ang aking pamilya patungong Baguio City noong bakasyon. Pagdating namin, agad kong napansin ang malamig na klima at magagandang tanawin ng kabundukan. Bumisita kami sa Burnham Park at Session Road kung saan nakapglakad-lakad kami at nakatikim ng mga lokal na pagkain. Sa kabuuan, naging makabuluhan ang aming biyahe dahil hindi lamang ito nagsilbing libangan, kundi naging pagkakataon din ito na mapalapit ako sa aking pamilya, at makapagpahinga mula sa akademikong gawain.

B. Personal Journal

Sa mga nakaraang araw, napansin kong nahihirapan akong balansehin ang aking oras sa pag-aaral at personal na gawain. Madalas akong na-o-*overwhelm* sa mga *requirements*, dahilan upang maantala ang aking mga takdang-aralin. Gayunpaman, unti-unti kong natututuhan ang kahalagahan ng tamang pagpaplano at disiplina. Sinisikap kong gumawa ng mas maayos na iskedyul upang mas maging produktibo at maiwasan ang *stress*.

C. Repleksiyon

Bilang isang mag-aaral, napagtanto ko na ang bawat karanasan—maging positibo man o negatibo—ay may dalang mahalagang aral. Ang mga hamon sa aking pag-aaral ay nagtutulak sa akin na maging mas matiyaga, responsable at may malinaw na layunin. Natutunan ko rin na ang tagumpay ay hindi lamang nasusukat sa grado kundi sa patuloy na pag-unlad bilang tao. Dahil dito, mas naging mulat ako sa kalahagahan ng pagpupursige at tamang desisyon sa aking buhay akademiko at personal.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga pagkakatulad ng *Travel Journal*, *Personal Journal*, at Repleksiyon batay sa iyong natukoy?
2. Sa iyong pagsusuri, ano ang pangunahing pagkakaiba ng tatlong uri ng *dyornal* sa usaping wika, tono, at estruktura?
3. Alin sa tatlong dyornal ang sa tingin mo ay mas mahirap isulat? Bakit?
4. Paano nakatulong ang Venn Diagram sa mas malinaw mong pag-unawa sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mga dyornal?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Suri-Tono**

II. Layunin: Nasusuri at naiisa-isa ang iba't ibang uri ng wika at tono na ginagamit sa personal at interpersonal na komunikasyon sa pagsulat ng dyornal.

III. Kagamitang Kailangan: Cellphone (kung kaya), papel, panulat

IV. Panuto: Gamit ang *online quiz platform* (tulad ng Kahoot), basahin ang iba't ibang maikling sipi mula sa mga dyornal. Kailangang matukoy mo kung ito ba ay **Travel, Personal, o Replektibong dyornal** batay sa tono at wikang ginamit.

Mga sipi

1. "Habang pinagmamasdan ko ang paglubog ng araw sa dalampasigan, naisip ko kung gaano kahalaga ang maglaan ng oras para sa sarili sa gitna ng abalang buhay."
2. "Pagod man ako sa maghapong pag-akyat sa bundok, sulit naman ito nang makita ko ang mga ulap na tila dagat sa aking paanan."
3. "Hindi naging madali ang araw na ito. Ngunit dahil sa nangyari, mas naunawaan kong hindi kailangang masunod ang lahat ng plano upang maging matagumpay."
4. "Sa unang pagkakataon, naglakad akong mag-isa sa isang lugar na hindi ko kabisado. Kinabahan ako ngunit naging masaya rin ang karanasan."
5. "Mula sa lumang parola, tanaw ang malawak na karagatan. Habang nakatayo roon, pakiramdam ko ay napakaliit ko kumpara sa lawak ng mundo."
6. "Matapos ang aming *outreach* program, napagtanto ko na ang simpleng pagtulong ay maaaring magdulot ng malaking pagbabago sa buhay ng iba."
7. "Tahimik ang aking silid noong gabing iyon. Habang sinusulat ko ito, unti-unti kong tinatanggap ang mga bagay na hindi ko kayang kontrolin."
8. "Bawat tindahang nadaanan namin sa lumang bayan ay tila may sariling kuwento. Mas lalo kong naunawaan ang kasaysayan ng lugar habang nakikinig sa aming *tour guide*."
9. "Ang pagkatalo namin sa paligsahan ay masakit, ngunit itinuro nito sa akin na ang tunay na sukatan ng tagumpay ay ang patuloy na pagsisikap."
10. "Hindi ko akalaing ang simpleng pag-uusap namin ng aking kaibigan ngayong araw ay magpapagaan nang husto sa aking pakiramdam."

Pamprosesong Tanong

1. Anong mga salita, parirala, o detalye sa sipi ang nagsilbing batayan mo sa pagtukoy ng uri ng dyornal?

2. Paano nakaimpluwensiya ang tono at layunin ng manunulat sa iyong pagpili ng sagot?

3. Aling sipi ang pinakamahirap tukuyin at bakit? Anong katangian ng iba't ibang uri ng dyornal ang nagkaroon ng pagkakatulad sa siping iyon?

4. Matapos ang gawain, paano mo mailalarawan ang pagkakaiba ng Travel, Personal, at Replektibong Dyornal batay sa kanilang nilalaman, wika, at pokus?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **INKspirasyon**

II. Layunin: Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Sumulat ng isang **personal na dyornal** na naglalahad ng iyong mga pananaw at paunang idea tungkol sa isang suliraning pangkalamidad sa inyong barangay. Ibahagi kung bakit mahalagang matugunan ang suliraning ito, anong posibleng solusyon ang nais mong mabuo, at paano mo nakikitang makatutulong ang iyong kaalaman at kakayahan bilang isang kabataang *innovator* sa pagpapalakas ng kahandaan at katatagan ng inyong komunidad.

Batayan sa Pagpupuntos

Pamantayan	4 - Napakahusay	3 - Mahusay	2 - Katamtaman	1 - Nangangailangan ng Pagsasanay
Nilalaman at Repleksiyon	Malalim, makabuluhan, at malinaw na naipahayag ang mga pananaw, idea, at repleksiyon tungkol sa napiling suliranin at posibleng solusyon.	Malinaw na naipahayag ang mga pananaw at idea na may sapat na repleksiyon.	May ilang pananaw at ideang naibahagi ngunit kulang sa pagpapalalim ng repleksiyon.	Mababa ang antas ng repleksiyon at hindi malinaw ang mga ideang ipinahayag.
Kaugnayan sa Paksa	Lubos na nakatuon sa paksa at malinaw na naiuugnay ang sariling ambag sa kaligtasan at katatagan ng barangay.	Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa paksa.	Bahagyang may kaugnayan sa paksa ngunit may mga detalyeng hindi akma.	Hindi malinaw ang kaugnayan ng nilalaman sa paksa.
Organisasyon ng Kaisipan	Napakahusay ang pagkakaayos ng mga idea; may malinaw na simula, gitna, at wakas.	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga idea.	May kaayusan ngunit may ilang bahagi na hindi maayos ang daloy.	Magulo at mahirap sundan ang daloy ng mga idea.
Paggamit ng Wika at Tono	Angkop, malinaw, at konsistent ang wikang ginamit at ang tono ay akma sa isang personal na dyornal.	Kadalasang angkop ang wika at tono na may kaunting kamalian.	May ilang kamalian sa wika at hindi palaging angkop ang tono.	Maraming kamalian sa wika at hindi angkop ang tono sa uri ng sulatin.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **Biyahe ng Damdamin**

II. Layunin: Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.

III. Kagamitang Kailangan: *Cellphone*, papel at panulat

IV. Panuto: Pumili ng isang magandang larawan mula sa iyong *gallery* na maaaring magpakita ng isang lugar, karanasan, o tanawin. Gamit ito, sumulat ng isang **maikling caption** na parang **Travel Journal entry** na maaari mong i-post sa Instagram o Facebook. Tiyaking gumamit ng mga pandama na salita *(sight, sound, smell)* ngunit panatilihing protektado ang iyong mga pribadong datos gaya ng lokasyon ng bahay o buong pangalan.

Batayan sa Pagpupuntos

Pamantayan	4 - Napakahusay	3 - Mahusay	2 - Katamtaman	1 - Nangangailangan ng Pagpapabuti
Paglalarawan Gamit ang mga Pandama	Napakahusay na nagamit ang dalawa o higit pang pandama (paningin, pandinig, pang-amoy) upang maging buhay ang paglalarawan.	Mahusay na nagamit ang mga pandama ngunit may kakulangan sa detalye.	May limitadong paggamit ng mga pandama.	Halos walang paggamit ng mga pandamang salita.
Pagiging Malikhain at Kaangkupan ng Caption	Napakamalikhain, kawili-wili, at akmang-akma sa isang travel journal caption.	Malikhain at angkop sa gawain.	May kaunting pagkamalikhain ngunit kulang sa dating.	Hindi gaanong malikhain o hindi angkop sa travel journal.
Nilalaman at Organisasyon	Malinaw, magkakaugnay, at madaling maunawaan ang mensahe ng caption.	Karamihan sa mga idea ay malinaw at organisado.	May ilang ideang hindi magkakaugnay.	Magulo o mahirap unawain ang mensahe.
Digital Safety at Responsableng Pagbabahagi	Ganap na naingatan ang pribadong impormasyon at nagpakita ng kamalayan sa digital safety.	Walang sensitibong impormasyong nailahad ngunit kulang ang pagpapakita ng kamalayan sa digital safety.	May bahagyang impormasyon na maaaring magbunyag ng pagkakakilanlan o lokasyon.	Naglahad ng sensitibong impormasyon o hindi isinasaalang-alang ang digital safety.
Wastong Paggamit ng Wika	Wasto ang gramatika, baybay, at bantas.	May kaunting pagkakamali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	May ilang pagkakamali na bahagyang nakaaapekto sa pag-unawa.	Maraming pagkakamali na nakahahadlang sa pag-unawa.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 6: **From Sablay to May Saysay**

II. Layunin: Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: **:** Sumulat ng isang **Replektibong Dyornal** entry tungkol sa isang kamakailang pagkakamali o tagumpay sa paaralan. Gamitin nang wasto ang **DEAL Framework:** *Describe* (Ano ang nangyari?), *Examine* (Bakit ganito ang naramdaman?), *Articulate* (Ano ang natutunan?), at *Lead* (Paano ito magbabago sa iyong buhay?)

Batayan sa Pagpupuntos

Pamantayan	4 - Napakahusay	3 - Mahusay	2 - Katamtaman	1 - Nangangailangan ng Pagpapabuti
Describe (Paglalarawan ng Karanasan)	Malinaw, detalyado, at organisado ang paglalarawan ng pangyayari.	Malinaw ang paglalarawan ngunit may kakulangan sa detalye.	Bahagyang malinaw ang paglalarawan ng pangyayari.	Hindi malinaw o kulang ang paglalarawan.
Examine (Pagsusuri ng Damdamin at Dahilan)	Malalim at makabuluhan ang pagsusuri sa naramdaman at mga dahilan nito.	Naipaliwanag ang damdamin at dahilan nang maayos.	May limitadong paliwanag tungkol sa damdamin.	Halos walang pagsusuri sa damdamin o dahilan.
Articulate (Paglalahad ng Natutuhan)	Malinaw at makabuluhan ang natukoy na aral o natutuhan.	May malinaw na aral na natukoy.	May bahagyang natukoy na aral.	Walang malinaw na natukoy na aral.
Lead (Paglalapat sa Hinaharap)	Malinaw at makatotohanan ang plano kung paano gagamitin ang natutuhan sa hinaharap.	May malinaw na plano para sa hinaharap.	May limitadong paglalapat ng natutuhan.	Walang malinaw na paglalapat sa hinaharap.
Wika at Organisasyon	Wasto ang gamit ng wika, malinaw ang organisasyon, at halos walang kamalian.	May kaunting kamalian ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	May ilang kamalian na nakaaapekto sa daloy ng idea.	Maraming kamalian na nakahahadlang sa pag-unawa.
Paggamit ng Angkop na Tono	Ang tono ay malinaw, konsistent, at lubos na angkop sa layunin at uri ng dyornal. Epektibong naipahahayag ang damdamin, pananaw, at mensahe sa kabuuan ng teksto.	Ang tono ay malinaw at karaniwang angkop sa layunin at uri ng dyornal. May kaunting hindi pagkakatugma ngunit hindi nito naaapektuhan ang kabuuang mensahe.	Ang tono ay bahagyang angkop sa layunin at uri ng dyornal ngunit may mga bahagi na hindi malinaw o hindi konsistent. Nababawasan ang bisa ng pagpapahayag.	Ang tono ay hindi malinaw, hindi konsistent, at hindi angkop sa layunin at uri ng dyornal. Nahihirapang maunawaan ang damdamin o mensaheng nais ipahayag.

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **LIMI-LIHAM**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapaghahambing ng tono, layunin at kaangkupan ng wika ayon sa iba't ibang konteksto.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: *Paghambingin ang dalawang mensahe. Gamit ang isang talahanayan ng paghahambing, tutukuyin mo ang* ***tono***, ***layunin***, *at* ***kaangkupan ng wika*** *sa bawat isa.*





TALAHANAYAN NG PAGHAHAMBING

Aspekto	Pormal na Email (Halimbawa)	Impormal na Text (Halimbawa)
Tono		
Layunin		
Kaangkupan ng Wika		

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **TUGON HAMON**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: *Magbigay ka ng angkop na **back-channeling responses** (hal. pag-acknowledge sa mensahe) nang may paggalang sa mensahe sa ibaba.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **GALANG-GALING**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: *Irebisa ang mga hindi angkop na mensahe gamit ang magagalang na pananalita at tamang tono batay sa layunin nito.*

- **Sitwasyon 1: Paghingi ng pabor sa kaklase.**
  - *Dry/Impormal:* "Pasa mo na yung assignment."
  - ***Rebisyon:***
- **Sitwasyon 2: Pagpapaalam sa guro.**
  - *Dry/Impormal:* "Di ako makakapasok, may sakit ako."
  - ***Rebisyon:***
- **Sitwasyon 3: Pagpapadala ng file sa isang group chat.**
  - *Dry/Impormal:* "Eto na yung file."
  - ***Rebisyon:***

Gabay sa Pagsusuri:

- Sa pag-rebisa ng mensahe, anong mga **magagalang na pananalita** (hal. panimulang pagbati, pakiusap, pasasalamat) ang iyong idinagdag?
- Paano nagbago ang **tono** ng mensahe mula sa pagiging utos patungo sa pagiging isang magalang na pakiusap?
- Paano ipinakikita ng iyong rebisadong mensahe ang iyong **sensibilidad** sa damdamin ng iyong kausap

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **DALUMAT-DOKYU**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakatutukoy ng halaga ng pagpoprotekta sa pribasiya.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat, video, internet

IV. Panuto: *Panoorin mo ang isang dokumentaryo. Pagninilayan mo ito at magbabahagi ka ng napulot na aral ukol dito gamit ang talahanayan.*

Narito ang link (23:44 hanggang 28:30 na bahagi):
https://www.facebook.com/NCCT.PH/videos/dokyubata-2022-virtual-screening-day-1-children-division/900678157580071/

TALAHANAYAN NG PAGSUSURI

SITWASYON	LIGTAS O MAPANGANIB? (Bilugan ang sagot)	ANO ANG PALATANDAAN NG PANGANIB?	TAMANG GAGAWIN
1 Nakikipag-chat sa isang online friend na hindi pa personal na kilala, at humihingi ng pribadong larawan bilang "patunay ng tiwala." 	LIGTAS / MAPANGANIB		
2 May taong gumagamit ng personal na larawan ng iba bilang leverage para sa kontrol o pagbabanta. 	LIGTAS / MAPANGANIB		
3 Ang kausap sa chat ay nagpapakita ng labis na "emotional manipulation" upang makakuha ng sensitibong impormasyon. 	LIGTAS / MAPANGANIB		
4 Isang kaklase ang posts sa social media ng screenshot ng private conversation mo nang walang pahintulot. 	LIGTAS / MAPANGANIB		
5 Nagbibigay ng personal na impormasyon tulad ng address, school, o schedule sa online na kakilala. 	LIGTAS / MAPANGANIB		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. Gawain Bilang 5: **koRESPONDEnsiya**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakatutukoy ng halaga ng pagpoprotekta sa pribasiya.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat,

IV. Panuto: *Lumikha ka ng tatlong uri ng mensahe para sa senaryo sa baba: (1) Isang personal na text, (2) Isang pormal na email, at (3) Isang mapagnilay na journal entry.*

Senaryo: *Hindi ka nakadalo sa inyong pangkatang gawain dahil kinailangan mong asikasuhin ang isang mahalagang usaping pampamilya.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paglikha ng mga digital diary vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. reels, blogs, vlogs, memes, video diaries, atbp.)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **PILI-LIMI**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapamalas ng pamilyaridad sa mga online platforms na maaaring pagpaskilan ng isasagawang vlog.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: *Ang nasa ibaba ay mga icon na mga karaniwang plataporma kung saan malayang nakapagpapaskil ng tekstong public-facing sa anyo ng digital diary o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. reels, blogs, vlogs, memes, video diaries, komentaryo o adbokasiyang post). Pumili ng paborito mo sa mga ito at maglahad ng naibahagi mo na rito tungkol sa pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, o kamalayang panlipunang na lubusang tumatak sa iyo. Ipaliwanag ang iyong sagot sa pamamagitan ng 2-3 pangungusap.*



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paglikha ng mga digital diary o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. reels, blogs, vlogs, memes, video diaries, atbp.)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **HIMAY-LIRIP**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapaghimay-himay at nakapagsusuri ng di-berbal na estratehiya sa isang vlog.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: *Himayin at suriin ang paraan ng paggamit ng kumpas, tono, boses, at ekspresyon ng mukha ng vlogger mula sa ipinakitang video ng iyong guro.*



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paglikha ng mga digital diary o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal . reels, blogs, vlogs, memes, video diaries, atbp.)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **VLOG BALANGKAS**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng balangkas ng bubuoing vlog.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: *Gumawa ka ng balangkas ng video diary na plano mong buoin upang magsilbing gabay sa lohikal na daloy nito.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga gawaing pagkukuwento o pagbigkas ng tula na may temang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Tula-nalisis**

II. Layunin:

Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang…

1. Nasusuri ang mga piling linya mula sa tula habang nailalapat ang kritikal na pagbasa; at
2. Natutukoy at naipapaliwanag ang temang panlipunan at aspektong kultural na ipinahihiwatig ng akda;

III. Kagamitang Kailangan: *Activity Sheet*, Papel, at Panulat

IV. Panuto: Masusing basahin ang tulang "Aral sa Pagsasaing" ni Vijae Orquia Alquisola na nagwagi ng unang gantimpala sa *Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* noong 2014.

Aral sa Pagsasaing
ni Vijae Orquia Alquisola

Aral sa Pagsasaing
Panukat ng gutom
ang basyo ng gatas.
Ginagatang
sa balde ng broas
ang babanlawang mga butil
na kinapitan ng gabok,
ipa, at nakasalbang bato
sa pagpag ng bilao.

Anim na taon ako nang ituro ni nanay:
papantayin ng palad
ang babaw
at lalim ng kabusugan.

Na ang kakulangan ay pagkahilaw.
Na ang kalabisan ay pagkalugaw.

Isasalang
sa bunganga ng kalan
ang kalderong maya-maya lang
ay magsasabulkan.

Talasan ang pandama
upang bago pa kumawala ang luha
at manginig ang katahimikan—
mapakakalma ang kulo na nakulob.

Sisingaw
ang puting-puting usok.
Susulpot
ang mga tuldok,
animo'y mga kabisera sa mapa.
Pagtitimpiin ang apoy.

Mag-ingat.
Sa pagkalingat,
nakapapasong pait
ang pagsasaluhan.

Anim na taon ako
nang masilip
ang lumalalim na bigasan.

Sa hapag-kainan—
tagos sa dibdib ni nanay
ang asó sa bandehado.
Sa kabisera, sumanib sa titig ni tatay
ang paso ng sabaw.
Naging madalas naming kasalo
ang katahimikan.

Katahimikang nasa pagitan
ng aming nguya, lunok, lagok—
dighal ng kuliglig sa labas.
Kay bigat-bigat ng kubyertos,
at ang mga salita,
kasamang natunaw sa sikmura.

Anim na taon ako nang maunawaan:

Sinisinop.
Hinuhugasan.
Pinagsasaluhan.
Ipinauubaya hindi lamang
isususbo, maging ang sarili

Suriin ang mga piling linya mula sa tula, at tukuyin ang temang panlipunan gayundin ang aspektong kultural na nakapaloob dito. Gamiting gabay ang impormasyong ito:

- Ang **temang panlipunan** ay tumutukoy sa mga isyu, problema, o kalagayan ng lipunan na tinalakay sa loob ng teksto o midya. Ito ang sumasalamin sa ugnayan ng mga tao, sa pamahalaan, sa batas, at sa takbo ng kapaligiran kung saan nabubuhay ang mga tauhan.
- Ang **aspektong kultural** ay nakatuon sa paraan ng pamumuhay, paniniwala, tradisyon, kaugalian, at pagpapahalaga ng mga tauhan sa akda. Ito ang nagdidikta kung *bakit* ganoon mag-isip, kumilos, o magdesisyon ang isang tauhan batay sa kanyang pinagmulan.

V. Linya	**Temang Panlipunan**	**Paliwanag**
Anim na taon ako *nang masilip* *ang lumalalim na bigasan.*		
Kay bigat-bigat ng kubyertos, *at ang mga salita,* *kasamang natunaw sa sikmura."*		
tagos sa dibdib ni nanay ang asó sa bandehado *Sa kabisera, sumanib sa titig ni tatay ang paso ng sabaw.*		

Linya	**Aspektong Kultural**	**Paliwanag**
Sinisinop. Hinuhugasan. Pinagsasaluhan.		
Ipinauubaya hindi lamang *isusubo, maging ang sarili.*		
Anim na taon ako nang ituro ni nanay		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga gawaing pagkukuwento o pagbigkas ng tula na may temang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Salaysay ng isang Sanay**

II. Layunin:

Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

1. Nasusuri ang isang tauhan mula sa kuwento, teleserye, o pelikulang may temang panlipunan;
2. Nailalahad ang damdamin, karanasan, at suliraning kinakaharap ng tauhan;
3. Makabuo ng isang malikhaing monologo batay sa pananaw ng napiling tauhan na nagpapahayag ng temang panlipunan at kultural; at
4. Natutukoy at naipaliliwanag ang mga berbal at di-berbal na estratehiyang maaaring magamit sa pagtatanghal ng monologo

III. Kagamitang Kailangan: *Cellphone*, *Laptop*, o kompyuter, *Internet Connection*, *Activity Sheet*, Panulat at Papel

IV. Panuto: Pumili ng isang kuwento, teleserye, o pelikulang may temang panlipunan, at pumili ng isang tauhan mula rito. Batay rito, magsulat ng isang maikling iskrip ng monologong naglalaman ng damdamin, suliranin, karanasan sa lipunan, repleksiyon sa nangyari, at mensahe para sa lipunan o kapwa tauhan. Batay sa naisulat na monologo, tukuyin at ipaliwanag ang mga berbal at di-berbal na estratehiyang maaaring magamit sa pagtatanghal batay sa natutuhan mula sa mga naunang aralin.

Sitwasyon:
Isa kang aktor/aktres sa teatro. Naatasan kang gumanap bilang isang tanyag na tauhan sa isang akda para sa muling pagsasadula nito.

Iskrip ng Monologo

Mga berbal na estratehiyang magagamit sa pagtatanghal	Paliwanag
1. 2. 3. 4. 5.	

Mga di-berbal na estratehiyang magagamit sa pagtatanghal	Paliwanag
1. 2. 3. 4. 5.	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga gawaing pagkukuwento o pagbigkas ng tula na may temang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Mula Datos Hanggang Pagbabago**

II. Layunin:


Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

1. Nasusuri ang graps na nagpapakita ng datos mula sa sarbey tungkol sa paggamit ng *social media* ng kabataan;
2. Naipaliliwanag ang mga panlipunan at kultural na implikasyon ng datos na sinuri; at
3. Naipaliliwanag kung paano mailalapat ang gawaing pagkukuwento at pagtula sa paglutas ng nasuring usaping panlipunan.

III. Kagamitang Kailangan: *Activity Sheet*, Papel, at Panulat

IV. Panuto: Suriin ang grap na nagpapakita ng datos kaugnay ng resulta ng sarbey tungkol sa paggamit ng *social media* ng kabataan. Batay rito, sagutin ang mga tanong.

Sitwasyon:
Isa kang "*Data Analyst*" at nakikipagtulungan ka sa mga "*Media Information Literacy Advocate*" sa paglikha ng makabuluhang proyekto sa pamamagitan ng panitikan at sining. Naatasan kang suriin ang resulta ng isang sarbey tungkol sa paggamit ng social media ng kabataan.



1. Ano ang pinakamahalagang kongklusyong mabubuo mula sa ipinakitang datos tungkol sa paggamit ng *social media* ng kabataan?

_____
_____
_____
_____

2. Anong isyung panlipunan at kultural ang masasalamin sa datos, at paano ito nakaaapekto sa kabataan?

_____
_____
_____
_____

3. Paano maipakikita ng mga kabataan ang paggalang at pagiging sensitibo sa iba't ibang pananaw at karanasan ng mga tao sa *social media?*

_____
_____
_____
_____

4. Batay sa datos, paano susuriin ang epekto ng *social media* sa kabataan, at anong rekomendasyon ang maibibigay mo upang mas mapakinabangan ito?

_____
_____
_____
_____

5. Paano maipahahayag sa pamamagitan ng tula o kuwento ang mga hamon at responsibilidad ng mga kabataan sa paggamit ng *social media*?

_____
_____
_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga gawaing pagkukuwento o pagbigkas ng tula na may temang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **Hakbang Pasulong**


II. Layunin:

Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

1. Nakapagtutukoy ng napiling *curricular exit* pagkatapos ng *Senior High School*;
2. Nakapagpapakita ng pag-unawa sa kahalagahan ng mga kasanayang natutuhan sa aralin; at
3. Nakabubuo ng malinaw na pagninilay kung paano magagamit ang mga kasanayang ito sa hinaharap.

III. Kagamitang Kailangan: *Activity Sheet*, Papel, at Panulat

IV. Panuto: Tukuyin ang plano pagkatapos ng *Senior High School* batay sa *curricular exits* nito (Kolehiyo, Trabaho, Negosyo, at Middle-Level Skills Development). Punan ang grapikong pantulong upang mapagnilayan at ipaliwanag kung paano makatutulong sa iyong mga plano at sa paghahanda para sa hinaharap ang mga kasanayang natamo ng sa araling ito.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglahok sa mga online forum tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Komento, Ianalisa mo!**

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natutukoy ang mga pahayag sa *online forum* ay nagpapakita ng sensibilidad, paggalang, o kawalan ng paggalang sa kultura at paniniwala ng iba batay sa konteksto ng isyung panlipunan.
2. Nasusuri ang epekto ng mga komento sa *online forum* sa damdamin, pananaw, at pakikipag-ugnayan ng iba't ibang tao sa digital na komunidad.
3. Nakabubuo ng wastong pagpapasya at responsableng pananaw bilang "Digital Citizen Analyst" sa pamamagitan ng pagpili ng magalang, inklusibo, at sensitibong paraan ng pakikipagkomunikasyon online.

III. Kagamitang Kailangan: *Cellphone, laptop*, o kompyuter, *Internet connection*, *Activity sheet* o kopya ng *online forum comments*, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: Basahin at suriin ang halimbawang komento mula sa isang online forum na tumatalakay sa iba't ibang isyung panlipunan tulad ng mental health, kahirapan, diskriminasyon, gender equality, at edukasyon.

Sitwasyon:

Isa kang "Digital Citizen Analyst" na naatasang suriin ang ilang komento mula sa isang online forum tungkol sa mga isyung panlipunan gaya ng mental health, kahirapan, diskriminasyon, gender equality, at edukasyon.

Ang iyong tungkulin ay tukuyin kung ang mga pahayag ay:

Nagpapakita ng Sensitibiti/ Sensibilidad	**May Stereotype o Bias (Bahagyang Pagkiling)**	**Tahansang Walang Paggalang/Diskriminasyon**

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglahok sa mga online forum tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Target ng Layunin**

II. Layunin:

Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

1. Natutukoy ang mga isyung sosyal at kultural na nangangailangan ng sensibilidad at paggalang sa pakikilahok sa *online forum*.
2. Naipaliliwanag ang wastong asal, kamalayang kultural, at responsableng pakikipagkomunikasyon upang maiwasan ang diskriminasyon at panghuhusga online.
3. Nakabubuo ng mga mungkahi o ideya para sa isang inklusibo, ligtas, at positibong *online forum* na nagpapakita ng pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan.

III. Kagamitang Kailangan: *Cellphone, laptop*, o kompyuter, *Internet connection*, *Activity sheet* o *learning task*, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: Basahin ang bawat "Target ng Layunin" at tukuyin kung ano ang inaasahang matutuhan mo sa aralin. Pagkatapos, ibahagi kung paano ito maiuugnay sa iyong karanasan sa social media o online forum.

🎯 **TARGET LAYUNIN 1**

"Natututuhan kong kilalanin ang mga paksang sosyal at kultural na nangangailangan ng sensibilidad sa online forum."

Tanong: Anong mga isyu ang madalas mong makita online na nangangailangan ng paggalang at pag-unawa?_____

🎯 **TARGET LAYUNIN 2**

"Matututuhan kong matukoy ang mga wastong asal, kamalayang kultural, at sensibilidad sa pakikilahok sa online na talakayan."

Tanong: Paano dapat makipag-usap online upang maiwasan ang diskriminasyon o panghuhusga?_____

🎯 **TARGET LAYUNIN 3**

"Matututuhan kong makabuo ng online forum na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, at kamalayang panlipunan."

Tanong: Ano ang maaari mong gawin upang maging positibo at ligtas ang isang online forum?_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglahok sa mga online forum tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Usapang Larawan: Usapang Online**

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natutukoy ang mga isyung sosyal at kultural na ipinapakita sa mga larawan kaugnay ng komunikasyon sa online forum at social media.
2. Nasusuri ang antas ng sensibilidad, paggalang, at kamalayang kultural sa iba't ibang sitwasyon ng online na pakikilahok.
3. Nakabubuo ng magalang, inklusibo, at may kamalayang panlipunang pahayag bilang responsableng kalahok sa online forum.

III. Kailangan: Mga larawan o visual na susuriin, Activity sheet o worksheet, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: Suriin ang mga larawan na nagpapakita ng iba't ibang sitwasyon sa online forum at social media. Tukuyin ang isyung sosyal o kultural na ipinapakita, ang antas ng sensibilidad sa komunikasyon, at ang paraan upang maging inklusibo at magalang ang pakikilahok online.



http://el-fili10.blogspot.com/2017/03/suliranin.html



https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v14i16/25302_final.pdf

1. Tukuyin ang isyung sosyal o kultural na makikita sa mga larawan.

Larawan 1	Larawan 2

2. Maglista ng dalawang paraan kung paano maipapakita ang sensibilidad at kamalayang kultural sa isang online forum.
   Paraan 1: _____
   Paraan 2: _____
3. Sumulat ng isang halimbawa ng komento o pahayag na:
   - Magalang_____
   - Ingklusibo_____
   - nagpapakita ng kamalayang panlipunan_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglahok sa mga online forum tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **"Ilaw Trapiko ng Paggalang sa Online Komunikasyon"**

II. Layunin:

Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

1. Natutukoy ang mga wastong asal at responsableng gawain sa pakikilahok sa online forum at social media discussions tungkol sa mga isyung panlipunan.
2. Nasusuri ang mga bagay na dapat isaalang-alang bago magbahagi ng opinyon o impormasyon upang maipakita ang sensibilidad at kamalayang kultural online.
3. Nakabubuo ng gabay na nagpapakita ng paggalang, pagiging inklusibo, at responsableng digital na pakikilahok gamit ang "Traffic Light Rules."

III. Kailangan: Grapikong pantulong na "Traffic Light Rules", Activity sheet o worksheet, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: Gamit ang grapikong pantulong na "Traffic Light Rules," bumuo ng mga gabay sa wastong pakikilahok sa online forum at social media discussions tungkol sa mga isyung panlipunan o adbokasiya. Isulat ang iyong mga sagot sa bawat kulay ng ilaw trapiko:

🟢 **GREEN NA ILAW — "TULOY!".** Maglista ng mga pahayag o gawain na nagpapakita ng:

	Pahayag o Gawain
Halimbawa: respeto	*Makinig sa opinyon ng iba*
pagiging inklusibo	
kamalayang kultural	
responsableng pakikilahok sa online forum	

🟡 **YELLOW NA ILAW — "ISIP!". Mga Dapat Pag-isipan Bago Magkomento**

Maglista ng mga bagay na dapat isaalang-alang bago mag-post o magbahagi ng opinyon online.

Halimbawa: ⚠ Totoo ba ang impormasyon?

Sagot:

⚠ _____

⚠ _____

⚠ _____

🔴 **RED NA ILAW — "HINTO!"**

Mga Hindi Dapat Gawin. Maglista ng mga hindi sensitibo at hindi responsableng gawain sa online forum, maaaring isang salita o pahayag.

Halimbawa: 🔴 Cyberbullying

Sagot:

🔴 _____

🔴 _____

🔴 _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglahok sa mga online forum tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **: TalaLarawan**


II. Layunin:

Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

1. Natutukoy ang mga pahayag o kilos sa social media post na nagpapakita ng diskriminasyon at naipaliliwanag kung bakit ito hindi makatarungan at hindi sensitibo.
2. Nasusuri ang epekto ng diskriminasyon sa damdamin, pagkakakilanlan, at pakikilahok ng mga tao sa online forum at social media.
3. Nakabubuo ng magalang, inklusibo, at may kamalayang panlipunang pahayag upang maitaguyod ang responsableng komunikasyon online.

III. Kailangan: Larawan ng viral social media post o online forum discussion, Activity sheet o worksheet, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: Suriin ang ipinakitang infomercial/poster tungkol sa Magna Carta of Women. Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa iyong pagsusuri



Mula:https://www.facebook.com/photo/?fbid=1454069793401331&set=a.243558104452512

Pagkatapos maipakita ang larawan, gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sumusunod na tanong upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa isyu:

1. Anong bahagi ng ipinakitang post o komento ang nagpapakita ng diskriminasyon at bakit ito maituturing na hindi makatarungan?
2. Paano nakaaapekto ang diskriminasyong pahayag sa mga taong tinutukoy o tinatamaan ng nasabing post?
3. Anong mga sosyal at kultural na kamalayan ang dapat isaalang-alang upang maiwasan ang diskriminasyon sa pakikilahok sa online forum?
4. Paano dapat baguhin ang mga diskriminatibong pahayag upang maging mas inklusibo, magalang, at sensitibo sa lahat ng tao?
5. Bilang kalahok sa online forum, paano ka makatutugon sa ganitong uri ng post upang maipakita ang paninindigan laban sa diskriminasyon.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Sino Ako? (Salitang Ginulo)**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng sampung salita o parirala mula sa ginulong letra na may kaugnayan sa mabisang komunikasyon at kultura, at mapipili ang pinakamahalagang salita para sa pagsulat ng talumpati kasama ang iyong sariling paliwanag.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Ayusin ang sampung ginulong na letra upang mabuo ang tamang salita o parirala na may kaugnayan sa mabisang komunikasyon at kultura sa loob ng 5-7 minuto. Pagkatapos, suriin ang iyong mga sagot at piliin ang pinakamahalagang salita o parirala na magsisilbing gabay sa pagsulat ng iyong talumpati.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **TUGMAAN NG LAYUNIN**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang naiuugnay ang mga layunin sa Hanay A sa kaukulang pahayag ng gawain sa Hanay B sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang titik sa patlang bawat bilang.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Itugma ang layunin sa Hanay A sa angkop na pahayag ng gawain sa Hanay B sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng tamang sagot sa patlang bawat bilang.

Hanay A: Layunin	Hanay B : Pahayag ng Gawain
1. Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw sa talumpati	A. Susulat ako ng talumpating gumagamit ng salitang “sila” sa halip na “siya” para sa lahat.
2. Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati	B. Titingnan ko kung ang tono ng aking talumpati ay magalang at hindi nakasasakit.
3. Naipakikita ang paggalang sa panlipunang gampanin	C. Sa aking talumpati, tatawagin kong “Mang” o “Aling” ang mga nakatatanda.
4. Nagagamit ang angkop na tono, tindig, at pananalita	D. Babasahin ko ang talumpati at hahanapin ang mga paniniwala ng may-akda tungkol sa kahirapan.
5. Nakasusulat ng talumpating nagsusulong ng pagiging inklusibo	E. Tatanungin ko ang sarili ko: “Nagbago ba ang pananaw ko sa kultura pagkatapos kong magsalita?”
6. Nakapagbibigkas ng talumpati nang may layuning pukawin ang kamalayang panlipunan	F. Titingnan ko kung ang aking kausap ay lider, nakatatanda, o kapwa kabataan bago magsalita.
7. Naipaliliwanag kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural	G. Sa aking pagbigkas, gusto kong maramdaman ng madla ang kahalagahan ng pagkakapantay-pantay.
8. Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura	H. Sa susunod, magsasanay ako ng mahinahong boses at tamang tindig bago magtalumpati.
9. Nakapagbibigay ng halimbawa ng ingklusibong wika sa talumpati	I. Gagamit ako ng “mga kababayan” sa halip na “mga ginoo at binibini” upang maging kasama ang lahat.
10. Nakapagsusuri ng sariling talumpati batay sa kultural na sensibilidad	J. Babasahin ko muli ang aking talumpati at titingnan kung may bahaging maaaring makasakit sa ibang kultura.

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **3-IN-1 RESPETO: Salita, Pangako, at Larawan ng Paggalang**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng tatlong bahagi ng paglalahat – isang salita ng iyong pinakamahalagang natutunan, isang pangungusap na nagpapakita ng iyong paniniwala tungkol sa mabisang komunikasyon sa iba't ibang kultura, at isang simpleng larawan na nagpapakita ng paggalang sa kultura ng iba – at naipaliliwanag ang iyong napiling salita sa iginuhit na larawan batay sa iyong sariling karanasan.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Kumpletuhin mo nang indibidwal sa iyong kuwaderno o papel ang tatlong bahagi ng gawaing "3-IN-1 RESPETO: Salita, Pangako, at Larawan ng Paggalang" (isang salita, isang pangungusap, at isang simpleng larawan.



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	1
Nilalaman:	Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **SPECH-TIVE: Maging Detective ng mga Salita**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang natutukoy ang mga paniniwala at pananaw na nakapaloob sa ibinigay na talumpati, masusuri ang paggamit ng inklusibong wika, makapagmumungkahi ng angkop na tono para sa ibang konteksto, at mapagninilayan ang epekto ng iyong sariling kamalayang kultural.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Bilang isang "SPECH-TIVE: Maging Detective ng mga Salita," kunin ang sipi ng talumpati at worksheet na may limang tanong.



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	1
Nilalaman:	Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **TALA NG PUSO: Ang Aking Journal sa Talumpati**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusulat ng isang replektibong journal entry na may 5 hanggang 7 pangungusap na sumasagot sa apat na gabay na tanong tungkol sa iyong karanasan sa pagbigkas ng talumpati, epekto ng kamalayang kultural, natuklasan tungkol sa iyong sariling kakayahan, at mga hakbang upang mapabuti ang iyong komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Isipin na ikaw ay nagbigay na ng talumpati sa harap ng klase tungkol sa isang isyung panlipunan o kultural, pagkatapos ay sumulat nang indibidwal sa iyong kwaderno o sa isang buong papel ng isang "Tala ng Puso: Ang Aking Journal sa Talumpati" na naglalaman ng 5 hanggang 7 pangungusap na replektibong entry na sumasagot sa apat na gabay na tanong.



Gabay na Tanong:

1. Ano ang iyong naging karanasan sa pagbigkas ng talumpati?
2. Paano nakaapekto ang iyong kamalayang kultural sa iyong pag-unawa sa paksa at sa iyong pagbigkas?
3. Ano ang iyong natuklasan tungkol sa iyong sariling kakayahang maging sensitibo sa kultura?
4. Ano ang iyong gagawin upang mapabuti ang iyong pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita?

Rubrik ng Pagwawasto:

Pamantayan	Puntos
Nasagot ang lahat ng 4 na tanong (Nilalaman)	10 pts.
May lalim at katapatan ang pagninilay	10 pts.
May kongkretong mungkahi para sa pagpapabuti	5 pts.
Kabouan	25 pts.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Sino ang Kausap Mo?**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

a. Nakatutukoy kung saan ang pinaka-angkop na kategorya ang talumpati, sa PAARALAN, BARANGAY, o KABATAAN.

b. Natutukoy ang mga nakapaloob na paniniwala, tradisyon, at kultural na pananaw sa isang sitwasyong pangkomunikatibo (hal. ritwal, sayaw, pagtatanghal ng tribu).

III. Kagamitang Kailangan: sipi ng talumpati o audio ng napiling talumpati.

IV. Panuto: Makinig sa maikling linya na babasahin ng guro. Tukuyin kung saang kategorya ito pinaka-angkop. Sa **PAARALAN**, **BARANGAY**, o **KABATAAN** Itaas ang iyong kamay upang ipahiwatig kung saang kategorya ito kabilang.

Linya 1: *"Mga kapwa kong kabataan, huwag nating balewalain ang mga nakaugalian nating sayaw, pananampalataya ng ating pangkat. Ito ang kayamanang ating ipapamana sa ating mga susunod na salinlahi!"*

Linya 2: *"Isang mapagpalang araw po sa ating kagalang-galang na Punong-Guro, sa mga kapwa ko guro, at sa aking mga minamahal na mag-aaral..."*

Linya 3: *"Mga ka-barangay, ang kalinisan ng ating mga kanal ay hindi lang trabaho ng mga opisyal. Magtulungan po tayo sa tamang pagtatapon ng basura para maiwasan ang baha."*

Pamprosesong tanong:

1. Bakit mahalagang malaman muna natin kung sino ang makikinig (Audience) bago natin isulat o bigkasin ang isang talumpati?

   _____
   _____
   _____

2. Ano anong saloobin, paniniwala, tradisyon, at kultural na pananaw ang masasalamin sa bawat sipi ng talumpati?

   _____
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **"Ikonek Mo Ako Challenge"**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

a. Naiuugnay ang mga salitang ipinaskil sa paksang tatalakayin hinggil sa tamang pakikipanayam sa mga nakatatanda, at tagapag-ingat ng kultura.

III. Kagamitang Kailangan: Tatlong Word Strips / Flashcards

IV. Panuto: Basahin ang tatlong magkakahiwalay na salita/parirala.

Tatlong Salita/ pahayag

A. Talakayan at diyalogo

B. Pakikipanayam (Lider, Nakatatanda, Tagapag-ingat ng Kultura)

C. Podcast at publikasyon

Ang Hamon (The 1-Minute Challenge): Tumawag ng isang mag-aaral o magtanong sa klase:

"Sino ang makapagpapakita ng koneksyon ng tatlong salitang ito gamit ang isang pangungusap? Paano sila magkakaugnay?"


GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: "**Talumpati Target: Tugmaang-Tono**"
II. Layunin: Sa gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:
a. Nasusuri ang *audience* o ang ang target ng mensaheng nakapaloob sa talumpati
III. Kagamitang Kailangan: sipi ng talumpati o audio ng napiling talumpati.
IV. Panuto: Basahin ang talumpating nasa loob ng kahon. Suriin kung sino ang target na *audience* o tagatanggap ng mensaheng nakapaloob sa talumpati .Punan ang graphic organizer sa ibaba.

"Ang bawat libro, pagsusulit, at puyat natin ngayon ay hindi lamang mga gawain sa silid-aralan, kundi mga konkretong hakbang na unti-unting naglalapit sa atin sa katuparan ng ating mga pangarap."





GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **"Suri-Tinig: Paksa o Opinyon?"**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:
   a. Nasusuri kung ang komentaryong panradyo/podcast tungkol sa isang isyung panlipunan ay paksa o saloobin.

III. Kagamitang Kailangan: Isang kopya ng maikling transcript ng brodkast (nakasulat sa pisara, slide, o worksheet)."Signal Cards" (Dalawang pirasong papel para sa bawat mag-aaral: Isang may nakasulat na PAKSA at isang OPINYON). *Maaari ding itaas na lang ang kanang kamay para sa Paksa, at kaliwang kamay para sa Opinyon kung walang materyales.*

IV. Panuto: Ipakita at ipabasa sa mga mag-aaral ang maikling sipi na ito mula sa isang kunwaring komentaryong panradyo/podcast tungkol sa isang isyung panlipunan: Magbabato ang guro ng mga pahayag mula sa binasa, at itataas ng mga mag-aaral ang kanilang "Signal Card" kung ito ba ay ang Pangunahing Paksa o isang Opinyon.

"Radyo Pamayanan" (Live Broadcast Transcript):

"Magandang umaga sa ating mga tagapakinig. Ngayong araw ay tatalakayin natin ang panukalang pagtatayo ng malaking modernong mall sa tapat ng ating lumang pampublikong palengke. Sa tingin ko, hindi ito makatutulong dahil tiyak na malulugi ang mga lokal na tindero na matagal nang naghahanapbuhay doon. Ayon naman kay Kapitan Santos, maganda itong oportunidad upang magkaroon ng trabaho ang mga kabataan sa ating lugar."

Tanong 1: *"Ang panukalang pagtatayo ng modernong mall sa tapat ng pampubliko.*

Sagot ng Mag-aaral:

_____

_____

Tanong 2: *"Hindi ito makatutulong dahil tiyak na malulugi ang mga lokal na tindero."*

Sagot ng Mag-aaral:

_____

_____

Tanong 3: *"Maganda itong oportunidad upang magkaroon ng trabaho ang mga kabataan."*

Sagot ng Mag-aaral:

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **Visual Mapping at Pagsusuri**

II. Layunin:

Sa gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

a. Nakatutukoy ng paksa o saloobin ng nilalaman ng talumpati.

III. Kagamitang Kailangan: ppt, larawan ng puno, graphic organizer-T-chart

IV. Panuto: Iguhit ito sa pisara o ipakita sa slide ang isang simpleng puno na may mga bahagi:

Trunko/Katawan ng Puno: Kumakatawan sa **Pangunahing Paksa** (Ang pundasyon ng buong usapin).

Mga Sanga at Dahon: Kumakatawan sa mga **Opinyon** (Ang iba't ibang pananaw na lumalago mula sa paksa).

Hatiin ang pisara/slide sa dalawa gamit ang T-Chart na ito para sa pagbubuod. Ibigay ang pangunahing paksa.

PANGUNAHING PAKSA (Trunko)	**MGA OPINYON (Mga Sanga/Dahon)**
Ang pagbabawal sa *single-use plastic* sa komunidad.	1. "Maganda iyan para mabawasan ang basura at baha." (Opinyon A)
	2. "Mahihirapan ang mga maliliit na tindero dahil mahal ang pamalit na paper bag." (Opinyon B)

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 6: ***"Podcast Debate: Panlipunang Pananagutan at Pagkakaiba-iba"***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang…

a. Nakabubuo ng magkakaugnay na argumento tungkol sa pagpipiliang isyung panlipunan sa paraang paglikha ng *script* para sa *podcast debate* na nagpapakita ng respeto sa pagkakaiba-iba ng pananaw at kaugalian.

III. Kagamitang Kailangan: apps ng spotify o anchor para sa podcasters, rubrik

IV. Panuto: Bumuo ng magkakaugnay na argumento tungkol sa pagpipiliang isyung panlipunan sa paraang paglikha ng script para sa podcast debate. Sa pakikipag-argumento, ipakita ang respeto sa pagkakaiba-iba ng pananaw at kaugalian. Mag-record ng podcast debate (2–3 minuto bawat grupo). Gumamit ng rubrik at peer feedback gamit ang **Anchor/Spotify for Podcasters p**ara sa audio recording.

Mga Paksang panlipunan para sa Argumento

Paggalang sa Kultura ng Katutubo

Paano natin maipapakita ang pananagutan sa pagpapanatili ng tradisyon at kaugalian ng mga katutubong pamayanan?

Solid Waste Management

Ano ang papel ng kabataan sa tamang pamamahala ng basura bilang bahagi ng pananagutan sa kalikasan at lipunan?

Gender Equality

Bakit mahalagang igalang ang pagkakaiba-iba ng kasarian at tiyakin ang pantay na oportunidad sa lipunan?

Digital Citizenship

Paano nagiging pananagutan ng bawat isa ang tamang paggamit ng social media at teknolohiya upang maiwasan ang maling impormasyon?

Rubrik sa Pagmamarka ng Podcast Debate

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Papaunlad (3)	Nangangailangan ng Gabay (2)
Nilalaman at Argumento	Malinaw ang panig. Matatalas, may basehan (evidences), at lohikal ang mga argumentong binitawan. Madaling sundan ang takbo ng debate.	Malinaw ang panig at \may basehan ang mga argumento, ngunit may ilang bahagi na kulang sa lalim o paliwanag.	May ipinaglalaban ngunit kulang sa konkretong ebidensya. Paulit-ulit ang ilang puntos.	Hindi malinaw ang panig at walang sapat na ebidensya o pananaliksik na ipinakita.
Teknikal na Kalidad (Spotify for Podcasters)	Napakalinaw ng audio. Angkop ang pagkakagamit ng background music/sound effects nang hindi natatabunan ang boses. Maayos ang pagkaka-edit (smooth transitions).	Malinaw ang audio. May background music at transitions ngunit may kaunting bahagi na medyo malakas o biglang napuputol.	May kaunting ingay (background noise) sa audio. Hindi gaanong swabe ang pagkakagamit ng mga audio tools ng app.	Masyadong maingay ang audio, hindi naririnig ang nagsasalita, o walang ginamit na transition/music man lang.
Boses at Pagkakabigkas	May tamang emosyon, lakas, at bilis ng pananalita. Malinaw ang artikulasyon ng mga salita. Kakikitaan ng kumpiyansa.	Malinaw ang pagsasalita ngunit may ilang sandali na masyadong mabilis o mabagal ang pagbasa ng iskrip.	Parang nagbabasa lang ng kodigo; kulang sa emosyon o enerhiya na angkop sa isang debate.	Mahina ang boses, nauutal, at mahirap intindihin ang mga sinasabi.
Etika at Pagtugon (Rebuttal)	Propesyonal at may respeto sa katunggali. Matalas at direkta ang pagtira sa argumento ng kalaban, hindi sa pagkatao.	May respeto sa kalaban. Tumugon sa argumento ng kabilang panig ngunit may kaunting kalituhan sa counter-argument.	Kulang sa lalim ang tugon sa kalaban (rebuttal); medyo lumilihis sa paksa ang sagot.	Walang naganap na maayos na rebuttal, o naging personal/hindi propesyonal ang tono ng debate.

Peer Feedback Form (Para sa mga Kaklase)

*Gamitin ang form na ito upang suriin ang podcast ng ibang pangkat. Maaari itong i-sumite bilang text o kaya ay gamitin ang "**Voice Messages**" **feature** sa Spotify for Podcasters upang i-record ang feedback na ito para sa kanila.*

Pangalan ng Tagasuri: _____
Pangkat na Sinuri: _____
Paksa ng Debate: _____

1. Pagsusuri sa Nilalaman

Ano ang pinakamalakas na argumentong binitiwan ng kabilang pangkat? Bakit ito kapani-paniwala?
Sagot:_____

2.May bahagi ba ng kanilang argumento na sa tingin mo ay kulang sa ebidensya o nakalilito?
Sagot:_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	1
Nilalaman	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diya logong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 7: "**Salinlahi: Publikasyong Brochure ng mga Tinig at Talakayang Interkultural"**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

a. Nakalalahok sa isang Diyalogong Pampamayanan o Kwentuhang Bayan kasama ang mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura (culture bearers) sa inyong lugar. Bumuo kayo ng isang kritikal na tampok na artikulo (Feature Article na may kasamang larawan at itampok sa gagawing *brochure* na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng kamalayang kultural at sensibilidad sa pagpapahayag.

III. Kagamitang Kailangan: Rubrik ng gagawing *brochure*

IV. Panuto: Makilahok sa isang Diyalogong Pampamayanan o Kwentuhang Bayan kasama ang mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura (culture bearers) sa inyong lugar. Mula rito, bubuo kayo ng isang Kritikal na Tampok na Artikulo (Feature Article na may kasamang Larawan at itampok sa gagawing *brochure* na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng kamalayang kultural at sensibilidad sa pagpapahayag.

Sitwasyon: Ang inyong paaralan, sa pakikipagtulungan ng *Local Cultural Affairs Office* at ng *Sangguniang Kabataan (SK)*, ay maglalathala ng isang **Espesyal na Isyu ng Komunidad o Paaralang sa pamamagitan ng paglikha ng isang Brochure o Digital at Print Magazine)** na pinamagatang *"Salinlahi."* Ang inyong pangkat ay naatasan bilang mga *Cultural Photojournalists at Feature Writers*.

. Ang Proseso ng Pagbuo (The Publication Workflow)

1. Ang Pre-Diyalogo: Sensibilidad na Pagpaplano

Bago makipag-usap sa mga itinalagang lider o nakatatanda, ang bawat pangkat ng editoryal ay bubuo ng "**Cultural Protocol Checklist.**"

> *Gawain:* Susuriin ng pangkat ang mga kaugalian ng kakapanayamin (Halimbawa: May mga salita ba o paksa na itinuturing na tabu o bawal? Paano ang tamang pagbati o pagpapakita ng galang bago magsimula?). Ito ang magtitiyak na ang kanilang *pakikilahok* ay may sensibilidad.

2. Ang Pakikilahok: Kwentuhang Bayan (The Intercultural Dialogue)

Makikipag-panayam ang pangkat sa mga lokal na tagapamuno (tulad ng mga Barangay Elder, Lider ng mga Katutubo, o mga lokal na Alagad ng Sining). Ang pokus ng talakayan ay:

> *Paano binibigyang-kahulugan ng kanilang sektor ang pag-unlad nang hindi nawawala ang kanilang kultural na pagkakakilanlan?*
>
> *Ano ang mensahe nila sa mga kabataan pagdating sa pagpapahayag ng opinyon sa modernong panahon?*

3. Ang Pagbuo ng Publikasyon: Pagpapahayag na may Kultura

Mula sa isinagawang panayam, ang bawat pangkat ay susulat ng isang 2-3 pahinang *Digital Feature Article Layout* na ilalagay sa bubuoing *brochure*. Ang naratibo ay ang mismong kuwento ng panayam

Ang Kritikal na Pagsusuri (The Core Objective): Isang nakakahon o hiwalay na kolum kung saan ipaliliwanag ng pangkat kung paano nakaapekto ang kanilang sariling kamalayang kultural sa paraan ng kanilang pag-unawa at pag-edit sa kuwento ng kinapanayam upang maiwasan ang maling interpretasyon.

III. Rubrik sa Pagmamarka ng Publikasyon ng Brochure o Digital magazine (Integrative Rubric)

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Papaunlad (3)	Nangangailangan ng Gabay (2)
Kritikal na Paliwanag sa Kamalayang Kultural *(Core Goal)*	Napakalinaw at malalim na naipaliwanag sa artikulo kung paano ang kultura at sensibilidad ay nagbibigay-hugis sa pagpapahayag at pag-unawa sa mga isyung panlipunan.	Naipaliwanag ang epekto ng kamalayang kultural sa pagbibigay-kahulugan, ngunit may ilang bahagi na kulang sa lalim ang pagsusuri sa kontekstong panlipunan.	Binanggit ang kultura at sensibilidad ngunit paimbabaw ang pagtalakay nito; nakaapekto ang mga ito sa proseso ng kanilang pagsulat at panayam.	Walang anumang paliwanag o indikasyon ng pag-unawa sa kamalayang kultural at sensibilidad sa buong artikulo.
Etika ng Pakikilahok at Panayam *(Process)*	Kitang-kita sa estilo ng pagsulat at dokumentasyon ang mataas na antas ng paggalang sa kaugalian ng kinapanayam. Sinunod ang lahat ng etikal na protocol ng komunidad.	Maayos at magalang ang naging pakikilahok, ngunit may ilang bahagi sa artikulo na maaaring mamisinterpreta ng mambabasa dahil sa kakulangan sa konteksto.	Limitado ang ipinakitang sensibilidad; parang kinuha lamang ang impormasyon nang walang malalim na pagpapahalaga sa damdamin o kultura ng kausap.	May mga pahayag o paraan ng paglalarawan sa artikulo na nakasakit, nagpakita ng prehuwisyo (bias), o lumabag sa sensibilidad ng kultura ng iba.
Pagpapahayag at Retorika ng Artikulo *(Wika)*	Napakahusay ng pagkakadugtong ng mga argumento at naratibo. Ang tono ay mapanghikayat, magalang, at	Maganda ang daloy ng artikulo at malinaw ang mensahe, ngunit may ilang transisyon o talata na hindi ganap na magkakaugnay.	Putol-putol ang naratibo; nahirapan ang pangkat na pag-isahin ang kanilang opinyon at ang aktwal na pahayag ng lokal na lider.	Hindi maunawaan ang artikulo; walang estruktura at kulang sa respeto ang paraan ng pagpapahayag.

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Papaunlad (3)	Nangangailangan ng Gabay (2)
	sumasalamin sa diwa ng interkultural na diyalogo.			
Layout, Visuals, at Disenyo (Media/ICT)	Ang disenyo ng publikasyon ay propesyonal. Ang mga larawang ginamit ay may angkop na kapsyon at nagpapakita ng dignidad ng kinapanayam (hindi eksbisyunismo).	Maayos ang layout at malinaw ang mga larawan, ngunit may kaunting isyu sa visual hierarchy (tulad ng laki ng font o pagkakaayos ng mga kolum).	Magulo ang disenyo o hindi angkop ang pagkakapili ng kulay at estilo para sa isang seryosong talakayang pampamayanan.	Hindi maintindihan at lahat ng bahagi ay magulo.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin	**10**	**Petsa**	
Nilalaman	Paggawa ng blog post o content sa social media tungkol sa katutubong pagkakakilanlan,pamanang kultural,o mga kilusang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Story of A Blogger**
II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...
   a. Natutukoy ang kahulugan ng blog
   b. Naisa-isa ang bahagi ng blog
III. Kagamitang Kailangan: Cellphone, laptop, o kompyuter, Internet connection, Activity sheet o kopya ng online forum comments, Panulat at papel/notebook
IV. Panuto: Isipin na ikaw ay isang baguhang blogger. Sumulat ng isang salaysay tungkol sa iyong unang blogpost. Gamitin ang worksheet sa ibaba.

Ako ay isang blogger. Sa aking unang blog post, aking napagtanto na...

Kahulugan ng blog:
_____
_____
_____

Mga bahagi ng blog:
_____
_____
_____

Aking karanasan:
_____
_____
_____

Bakit mahalaga ang blog:
_____
_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin	**10**	**Petsa**	
Nilalaman	Paggawa ng blog post o content sa social media tungkol sa katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, o mga kilusang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **BLOGQUEST**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...

a. Nakatutuklas at nakabubuo ng mga layunin ng aralin sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at kolaboratibong pagkatuto.

III. Kagamitang Kailangan: Cellphone, laptop, o kompyuter, Internet connection, Activity sheet o kopya ng online forum comments, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: I-scan ang QR code na ibibigay ng inyong guro. Basahing mabuti ang nilalaman nito. Talakayin sa inyong pangkat kung ano ang ipinahihiwatig ng materyal.

Sagutin ang sumusunod:

MGA GABAY NA TANONG (Misyong Sasagutin)

Basahin, suriin, at talakayin sa inyong pangkat ang nakatalagang materyal. Isulat ang inyong kolektibong sagot sa espasyong inilaan sa ibaba.

1. Suriin ang kabuuan ng ipinakita o binasang materyal. Ano ang pangunahing paksa, mensahe, o impormasyon na ipinakikita nito?

_____

_____

_____

2. Mula sa inyong pagsusuri, ano ang pinakamahalagang aral, kasanayan, o kaalaman na inaasahang matutuhan ng isang tao matapos itong mapanood o mabasa?

_____

_____

3. Paano magagamit ang impormasyon o paksang ito sa paggawa ng isang makabuluhang blog o vlog? Sa palagay ninyo, paano ito makatutulong upang makapukaw ng interes ng mga mambabasa o manonood sa internet?

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin	**10**	**Petsa**	
Nilalaman	Paggawa ng blog post o content sa social media tungkol sa katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, o mga kilusang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Gallery Walk Goal Discovery**
II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang...
a. Nasusuri ang iba't ibang uri at bahagi ng blog
III. Kagamitang Kailangan: *Cellphone, laptop*, o kompyuter, *Internet connection*, *Activity sheet* o kopya ng *online forum comments*, Panulat at papel/notebook
IV. Panuto:
1. Pumunta sa bawat learning station.
2. Obserbahan nang mabuti ang mga larawan.
3. Sagutin ang mga tanong sa bawat istasyon.

Estasyon 1

Ano ang ipinakikitang kultura?

_____
_____
_____

Estasyon 2

Paano ito maaaring ibahagi sa social media?

_____
_____
_____

Estasyon 3

Anong mensahe ang nais ipahayag?

_____
_____
_____

Estasyon 4

Ano ang papel ng blog at vlog sa pagpapalaganap ng kultura?

_____
_____
_____

Hamon

Batay sa inyong nakita, ano sa tingin ninyo ang mga layunin ng ating aralin ngayon?

1.
2.
3.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay Aralin	**10**	**Petsa**	
Nilalaman	Paggawa ng blog post o content sa social media tungkol sa katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, o mga kilusang panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **ICON-TO-BLOG CHALLENGE**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. Naisa-isa ang mga hakbang sa pgsusulat ng blog gamit ang icons.

III. Kagamitang Kailangan: Cellphone, laptop, o kompyuter, Internet connection, Activity sheet o kopya ng online forum comments, Panulat at papel/notebook

IV. Panuto: Ikaw ay isang **digital cultural explorer** na susuri sa isang blog tungkol sa kultura at panlipunang isyu.

Mga Hakbang:

1. Suriing mabuti ang mga icon na nasa infographic.
2. Tukuyin kung anong hakbang sa pagsulat ng blog ang kinakatawan ng bawat icon.
3. Isulat ang inyong sagot sa *task card*.
4. Ipaliwanag kung bakit mahalaga ang bawat hakbang sa pagbuo ng isang epektibong blog.
5. Makilahok sa talakayan at ibahagi ang inyong mga ideya sa klase.

